**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s**
**MEDIA INTERVIEW IN ZAMBOANGA CITY**
Zamboanga City
September 19, 2023

[00:00:00]
**REPORTER:** Good morning, Mr. President. 'Yung unang tanong po, kung may plano bang --- may pagkakataon ba na bumaba pa ng 20 pesos 'yung kilo ng bigas? And second, isahin ko nalang po, we already have solutions for rice consumers and retailers. How about our farmers? Medyo nabanggit iyo na po Iyan kanina and how are we going to help them and solve our scarcity of rice production in the country? 'Yun lang. May tsansa bang bumaba ng 20 pesos?

**PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR.:** Maayos kung hindi tayo masyadong bagyuhin at iyong mga tulong na ibinibigay natin sa mga farmer ay magamit na nila.

Ang problema kasi at maraming nangyayari sa labas ng Pilipinas na kailangan nating mag-adjust. Kaya't nagkakaganyan. Ngunit kapag talaga nagawa natin ang cost of production binaba natin ay bababa rin ang presyo ng bigas. Bababa rin lahat. Basta't mas mataas ang ani kahit na --- pwede nating ipagpantay ang presyo para sa mga magsasaka, mayroong tayong buying price na maganda na kumikita naman sila sa kasalukuyan iyan ang aming ginawa. Sa NFA council kahapon ay inayos namin at pinalitan namin ang buying price ng palay at ginawa nating 16 pesos to 19 pesos para sa wet na palay at 19 to 23 ang para sa mga dry.

Kaya iyan naman para sa mga magsasaka iyan. Tinutulungan din natin iyong mga retailer dahil noong nag price cap, nakabili na sila ng mahal at mabebenta nila na mura lang. Hindi sila kikita baka may lugi pa sila. Kaya't iyon, tinutulugan namin.

So, pagka naging mas normal na ang sitwasyon, malaking pag-asa talaga natin na ibababa natin ang presyo ng bigas.

[00:02:36]
**MS. QUEENIE CASIMIRO:** Queenie Casimiro po of ABS-CBN.

The coast of Zamboanga Peninsula is rich in marine resources, Sir. How will your administration support the agri-fishery industry in the region?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Well, we have always been… 'Pag sinasabi nating agriculture, ang ibig sabihin ng agriculture hindi lamang bigas o mais. Kung hindi pati fisheries at saka livestock.

Kaya't kasama sa ating development plan ang mga fisheries dahil bumaba ang ating dalawang bagay: Bumababa ang ating nahuhuli ng ating mga mangingisda dahil nasira na iyong mga ibang --- kung saan pinalalaki ang mga isda. Kaya iyon ating binabalikan at aayusin at babantayan. Kasi kung minsan kailangan huwag uubusin iyong isda para sa next season mayroon pa. Kaya't 'yun iyong tintingnan natin ngayon. At may mga lugar na hindi dapat gawing palaisdaan dahil ito nga ay para sa breeding. Para dumami ang population ng mga isda. Kaya't iyon ang ating pinaplano.

Bukod pa doon ay yung sa cold storage na ating ginagawa dahil ang spoilage natin ngayon ay hanggang trenta porsyento ang nasisira doon sa isdang nahuhuli natin dahil nabubulok. Walang cold storage. Kaya nagtatayo tayo ng cold storage. Doon naman sa mga maliliit na bagsakan ay magbibigay tayo ng gawaan ng yelo para iyong yelo na iyan, iyon 'yung ilalagay nila sa bangka para pag may nahuli sila ilalagay lang doon sa yelo at hindi masisira iyong isda.

Tapos, ang isusunod natin after that ay iyong processing na para doon lang sa isang lugar ang magiging processing. Iyon ang ating mga pinaplano para sa fisheries.

**NET25 REPORTER:** Sir, isa rin po ang Zamboanga City sa napipinsala sa mga disaster. Ano po 'yung tulong na maibibigay po ng national government?

**PRESIDENT MARCOS JR.:** Unfortunately, hindi lang Zamboanga, buong Pilipinas talaga dahil nagbago ang weather. Iyon 'yung laging pinag-uusapan natin na climate change. Ito na iyon at nagbabago. Iyong mga lugar dati na hindi binabagyo o binabaha, ngayon tinatamaan na ng bagyo at saka ng baha. Kaya kailangan lalagyan natin ng mga flood control. Ang flood control ngayon natin hindi na lang flood control, iyong mga dam at saka iyong mga spillway para kunin iyong tubig.

Ang bagong gawain natin ngayon ay number one, gagawa tayo --- iyong kung mayroon tayong ilalagay na dam, mayroon din pagkukuhanan ng tubig para sa mga magsasaka at pang irrigation. May ganoon. Iyong iba naman para mabawasan ang baha ay maglalagay tayo ng tinatawag na impounding pools. In other words, maghuhukay tayo, doon natin iiipon iyong tubig.

Maganda iyan dahil unang-una hindi nasasayang iyong tubig. May maiiwan doon sa atin. Tapos pagka medyo tuyo, pag hindi na umuulan, gamitin natin iyong tubig para pang irrigation ulit. Pwede pang lagyan ng isda iyon habang hindi pa ginagamit.

Pangalawa, iyon ang mag-iipon ng tubig para hindi na bababa doon sa mga bayan o sa tabi ng dagat. At hindi natin tinatapon iyong tubig. Gagamitin natin at mababawasan natin ang mga baha.

Iyon lamang at talagang kailangan nating tingnan ng mabuti kung ano iyong magiging weather. Kaya't kasama di diyan hindi lamang sa flood control. Nagbago na, hindi lang iyong paglagay ng dike, hindi lang iyong paglagay ng dam kung hindi pati na ang pagbantay ng mabuti sa panahon. Kaya't kasama dyan ang DOST, nandyan ang PAGASA, lahat lahat sila nagtutulungan para itong mga bagong pag-ulan na ganito ay at least kung alam natin na may parating ay makapaghanda man lang tayo.

Good morning. Maraming salamat. Thank you.
[00:07:23]

***